



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Oktubre 15, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson - 415.749.4900

Ang panahon ng pinahihintulutang pagsusunog ay matatapos para sa mga pagsunog para pamahalaan ang latian sa taglagas

SAN FRANCISCO - Inaanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na matatapos na ngayong araw, Oktubre 15 ang panahon pinahihintulutang pagsusunog para sa mga pagsunog para pamahalaan ang latian sa taglagas.

Itinakda para sa layunin ng pagpapaganda ng kapatagan at mga latian para sa mababangis na hayop, maaari lang mangyari ang pagsusunog para pamahalaan ang latian sa araw ng pagsunog sa panahon ng pinahihintulutang pagsusunog gaya ng tinukoy ng Air District.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulutang pagsunog kapag pinairal ang Alerto na Spare the Air (Iligtas ang Hangin) o kung ang rehiyon ay nakakaranas ng malaking epekto ng usok mula sa mga wildfire.

Dapat ding magtanong ang mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya sa sunog at sa Cal Fire para makakuha ng pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog. Ang mga unit ng Cal Fire ay maaaring may mga karagdagang paghihigpit na ginagamit, kaya dapat makipag-ugnayan ang mga inaasahang magsusunog sa [lokal na istasyon ng Cal Fire](#) sa kanilang komunidad.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinalaga bilang araw ng PAGESUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulutang sunog ay maaari lang isagawa sa mga itinatag na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: www.baaqmd.gov/rules. Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Opisina ng Mga Pakikipag-ugnayan ng Air District
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Paglalabas ng Balita](#)